## Ang Dakilang Huli
(Lucas 5:1-11)



Sa paglalakad ni Jesus, tinuturuan Niya ang mga tao patungkol sa pagmamahal ng Diyos. Kahit saan Siya pumunta, sinusundan Siya ng maraming tao dahil sa Kanyang mga salita at sa Kanyang mga himala na nagpapakita na Siya ang Anak ng Diyos. Nais ni Jesus na magkaroon ng mga espesyal na kaibigan na tutulong sa Kanya na ipalaganap ang pagmamahal ng Diyos. Ganito Niya sila natagpuan.

Isang araw, nasa tabi ng isang malaking lawa si Jesus na tinatawag na Lawa ng Genesaret. Ang araw ay maliwanag at kumikislap ang tubig tulad ng maliliit na diyamante. Maraming tao ang nagtipon sa paligid ni Jesus dahil gustung-gusto nilang makinig sa Kanya. Ngunit dumami nang dumami ang tao, kaya't kanailangan ni Jesus ng mas magandang pwesto para magturo.

Malapit doon, may dalawang bangka sa tabi ng tubig. Ang mga mangingisda ay kagagaling lamang sa pangingisda magdamag, pero wala silang nahuli. Ngayon, nililinis nila ang kanilang mga lambat. Sumakay si Jesus sa bangka ng isang mangingisda na nagngangalang Simon Pedro. Ngumiti Siya at sinabi, "Simon, pwede mo bang itulak nang kaunti ang bangka papunta sa tubig? Gusto kong magturo mula dito."

Tumango si Simon at itinulak ang bangka. Naupo si Jesus sa bangka at nagsimulang magturo sa mga tao tungkol sa Diyos.

Nang matapos na Siya sa pagtuturo, sinabi Niya kay Simon, "Dalhin mo ang bangka sa mas malalim na bahagi ng tubig at ihulog mo ang iyong lambat para makahuli ng isda."

Nagkamot ng ulo si Simon. "Pero Panginoon, nagtrabaho kami buong gabi at wala kaming nahuling kahit isang isda." Pagkatapos, naisip ni Simon kung gaano kabuti si Jesus at sinabi, "Pero dahil sinabi Mo, gagawin ko ito."

Inihulog ni Simon at ng kanyang mga kasama ang lambat sa tubig. Biglang napuno ng napakaraming isda ang lambat kaya halos mapunit ito! Tinawag ni Simon ang kanyang mga kaibigan na sina Santiago at Juan sa kabilang bangka, "Tumulong kayo sa amin!"

Agad dumating ang mga kaibigan, at napuno rin ang kanilang bangka ng mga isda hanggang halos lumubog ang mga ito!

Namangha si Simon. Lumuhod siya sa harap ni Jesus at sinabi, “Lumayo kayo sa akin, Panginoon, sapagkat ako'y isang makasalanan.”

Ngunit ngumiti si Jesus at mabait na sinabi, “Huwag kang matakot. Mula ngayo'y mga tao na, sa halip na mga isda, ang iyong huhulihin.”

Hindi agad naintindihan ni Simon ang ibig sabihin ni Jesus, pero ibig sabihin ni Jesus ay tutulong si Simon at ang kanyang mga kaibigan na ilapit ang mga tao sa Diyos.

Iniwan nina Simon, Andres, Santiago, at Juan ang kanilang mga bangka, lambat, at pati ang lahat ng nahuling isda. Sumunod sila kay Jesus at handa na maging Kanyang mga espesyal na kaibigan at ipalaganap ang pagmamahal ng Diyos sa lahat.

Tinatawag ni Jesus ang mga ordinaryong tao para sa mga hindi pangkaraniwang gawain. Tinawag ni Jesus maging ang mga mangingisda, na maging Kanyang mga katulong sa pagpapalaganap ng pag-ibig ng Diyos. Kapag nakinig tayo kay Jesus, nagtiwala sa Kanya at sumunod sa Kanya, maaaring mangyari ang mga kamangha-manghang bagay sa ating buhay!

